THE OFFICIAL NEWSLETTER OF THE PHILIPPINE NATIONAL POLICE

PULIS SERBIS

# BALITA

#PNPKAKAMPIMO

Volume VI No. 12 * Marso 19 - 25, 2022 * Visit our Facebook Page: PULIS SERBIS BALITA Email Add: pnppublications@pcadg.gov.ph

# THE TSIP AT PULIS @ UR SERBIS RELOADED INILUNSAD NG PNP

sundan sa pahina 3




PUBLIC ANNOUNCEMENT!
PHILIPPINE NATIONAL POLICE

Alert Levels System for COVID-19

NCR

Alert Level 1

Police Community Affairs and Development Group | Pulis At Komunidad | PNP Pulis At Ur Serbis | pcadg.pnp.gov.ph

## 2 miyembro ng Milisyang Bayan, boluntaryong sumuko sa Isabela PNP

sundan sa pahina 9

## Php5.8M halaga ng shabu nasamsam sa Tagum City, Davao del Norte

sundan sa pahina 10

## Php340M halaga ng shabu nasabat sa Quezon City

sundan sa pahina 11



## PULISYAPEDIA

**Maaari bang maging state witness ang isang taong sangkot sa krimen?**

Ang isang taong sangkot sa isang krimen ay maaaring maging witness ng pamahalaan laban sa mga kasamahan nitong gumawa ng krimen. Ang testimonya ng nasabing witness ay gagamitin upang maipakulong ang mga suspek sa isang krimen na itinuturing na grave felony ayon sa Revised Penal Code; lubos na kailangan ang testimonya ng nasabing witness at walang ibang witness ang prosekusyon na direktang magtuturo sa mga may sala; hindi siya ang pinaka-guilty sa lahat ng mga akusado; at hindi pa ito nasesentensyahan ng anumang krimen na may kinalaman sa moral turpitude.

JOINT TASK FORCE CV SHIELD
COMMAND CENTER, PNP COMMAND CENTER

GLOBE
09175382495
SMART
09988490013
LANDLINE
(02)87253176
E-MAIL
ncovmonitoring@gmail.com

#PNPKakampiMo #TeamPNP #WeServeAndProtect




E - SUMBONG

e - SUMBONG SMS Hotline
SMART : 0919 1601 752
GLOBE : 0917 8475 757

Email :
e-sumbong@pnp.gov.ph
Facebook Page :
facebook.com/OfficialPNPHotline
Web Portal :
https://e-sumbong.pnp.gov.ph

# Community Outreach Program isinagawa para sa Agta Community ng Cagayan



**Sta. Teresita, Cagayan – Nagsagawa ang mga Valley Cops ng Community Outreach Program bilang bahagi ng pagdaraos ng National Women's Month sa mga Agta Community ng Barangay Aridawen, Sta. Teresita, Cagayan noong Marso 24, 2022.**

Ayon kay Police Brigadier Genenral Steve Ludan, Regional Director, Police Regional Office 2, naging matagumpay ang aktibidad dahil sa suporta ng lokal na pamahalaan ng Sta. Teresita, Cagayan at Benevolent Ladies Association of Sta. Teresita (BLAST).

Apatnaput tatlo (43) na Agta families ang nakatanggap ng mga grocery packs samantala walumput lima (85) na bata naman ang nakatanggap ng mga pares ng tsinelas, laruan at candies.

Bukod dito, namigay din ng hygiene kits, face mask at pakain sa mga residenteng dumalo.

Layon ng Outreach Program na ilapit ang mga kapulisan sa mga mamamayan at maipaabot ang tulong ng pamahalaan sa mga nasa laylayan ng pamayanan. *(Panulat ni Police Staff Sergeant Mary Joy D Reyes)*

# Libreng pagkain hatid ng Parañaque PNP






**Parañaque City — Namahagi ng libreng pagkain ang Parañaque PNP sa mga aplikante ng pasaporte sa Department of Foreign Affairs (DFA) nito lamang Miyerkules, Marso 23, 2022.**

Lubos na ikinatuwa ni PBGen Jimili Macaraeg, District Director ng Southern Police District sa inisyatibo ng Sub-Station 2-Parañaque City Police Station sa pangangasiwa ni PCol Maximo Sebastian Jr, Chief of Police sa kanilang pamamahagi ng lugaw na may kasamang pandesal sa harap ng tanggapan ng DFA na matatagpuan sa Macapagal Blvd., Brgy. Tambo, Parañaque City.

Ang pagbibigay ng pagkain ay nangyari matapos makita ng mga kapulisan ng Sub-Station 2 ang pagpila ng mga aplikante ng passport na 36 oras nang naghihintay sa DFA.

Sa kagustuhang makatulong, kusang nagluto ng pagkain ang Parañaque City Police Station at ipinamahagi ito sa mag aplikante.

"Nakakatuwa na makita ang ating mga pulis na nagkukusang tumulong sa ating mga kababayan, ito na marahil ang tatak ng ating mga pulis na mayroon tayo ngayon, matulungin, maaasahan, at hindi mag-aatubiling tumulong sa mga taong nangangailangan. Nang makita ng ating mga pulis na mahaba ang pila sa ahensiya ng DFA para sa mga nagpapa-authenticate ng kanilang mga dokumento, agad silang gumawa ng hakbang na kahit sa munti nilang paraan ay mapawi nila ang puyat at pagod ng ating mga kababayan. Kaya naman as your District Director kagalakan at tuwa ang hatid nito sa aking puso nawa'y ipagpatuloy natin ang ganitong mga gawain", ani PBGen Macaraeg.

# Proyektong kaisang-bisig ng Pambansang Pulisya isinagawa ng RMFB 7



**Negros Oriental – Nagsagawa ang mga kapulisan ng Regional Mobile Force Battalion 7 ng proyektong Kaisang-Bisig ng Pambansang Pulisya sa Brgy. Nagbagang, Sta. Catalina, Negros Oriental nito lamang Miyerkules, Marso 23, 2022.**

Ang nasabing aktibidad ay pinangunahan ni Police Lieutenant Colonel Ronan Claravall, Force Commander sa pangangasiwa ni Police Brigadier General Roque Eduardo Vega, Regional Director 7.

Ayon kay PLtCol Claravall, nakatanggap ang mga residente ng Sta. Catalina ng mga gamit pangsaka, mga alagang hayop, at mga solar panel board.

Ayon pa kay PLtCol Claravall, ang nasabing programa ay naglalayon na mabigyan ng pangkabuhayan ang mga residente na kanilang magagamit sa panimula ng kanilang hanap-buhay.

Lubos naman ang pasasalamat ng mga residente sa biyaya na kanilang natanggap mula sa mga kapulisan.

Samantala, kasabay ng aktibidad ang pagbubukas ng proyektong KAPATID o (Kapwa Paglingkuran ang Barangay Talalak na may Integridad na Drayber Habal-Habal) ng Private Rider's Association.

# Sidik Amiril Private Armed Group sumuko sa Maguindanao

**Talitay, Maguindanao - Boluntaryong sumuko ang Sidik Amiril Private Armed Group sa Talitay Municipal Police Station sa Maguindanao nito lamang Miyerkules, Marso 23, 2022.**

Sa pangunguna ni PMaj Haron Macabanding, Chief of Police, Talitay Municipal Police Station ay naiharap ang Sidik Amiril Private Armed Group kina PCol Jeffrey Fernandez, Deputy Director for Operation; PCol Quirobin Manalang, Chief, Regional Intelligence Division; PCol Jibin Bongcayao, Provincial Director, Maguindanao Police Provincial Office at PLtCol Samuel Nadala, Commanding Officer ng 2nd Mechanized Infantry "Valiant" Battalion.

Ayon kay PMaj Macabanding, ang Sidik Amiril ay dating assemblyman ng 2nd District ng Maguindanao Province sa ilalim ng UNA Party na kusang isinuko ang kanyang 4 na miyembro na pawang residente ng Brgy Manggay, Talitay, Maguindanao upang malinis ang kanilang pangalan sa Directorate for Intelligence List ng Private Armed Groups.

Ayon pa kay PMaj Macainding, na kusa din nilang isinuko ang limang yunit ng matataas na kalibre ng baril na 5.56 mm M16 rifle, Cal. 30 M1 Carbine, 5.56 mm Ultimax Light Machine Gun, M14 rifle at Homemade M79.

Dahil sa pagsisikap ng Pambansang Pulisya katuwang dito ang ibat ibang pinuno ng komunidad at nagbigay ito ng isang magandang samahan para sa ligtas at mapayapang komunidad. *(Panulat ni Patrolman Mark Vincent Valencia)*

# The TSIP at PULIS @ UR SERBIS Reloaded inilunsad ng PNP




**Camp Crame, Quezon City - Magkasabay na inilunsad ng Philippine National Police ang THE TSIP o Talakayan Sa Isyung Pulis at ang PULIS @ UR SERBIS RELOADED pagkatapos ng Traditional Monday Flag Raising Ceremony nitong umaga ng Lunes, Marso 21, 2022, sa harap ng PNP National Headquarters, Camp BGen Rafael T Crame, Quezon City.**

Ang naturang aktibidad ay naglalayong mas paiigtingin at palalawakin pa ang mga nasimulang programa ng pulisya partikular sa multimedia at public information dissemination.

Pinangunahan ni Police General Carlos ang Signing ng Memorandum of Agreement kasama si Police Brigadier General Augustus Alba, Chief, PIO; Mr. Daniel S. Razon ng Breakthrough and Milestones Production International Incorporated; at Mr. Jose Eusebio, Vice President for Revenue Program.

Ang "THE TSIP" ay Lingguhang talakayan sa mga isyu ng kapulisan na ipapalabas tuwing Sabado. Layunin nitong bigyan ng kasagutan ang mga katanungan ng publiko tungkol sa mga kaganapan sa loob ng isang Linggo at bigyang pagpapahalaga ang bawat Police Regional Offices na maipalabas ang kani-kanilang accomplishments na may kaugnayan sa pagpapatupad ng kanilang mandato.

Samantala, ang PULIS @ UR SERBIS RELOADED naman ay ang bagong mukha ng Rektang Konek Aksyon Agad. Ito ay ipapalabas araw-araw na kung saan itatampok pa rin ang mga programang nasimulan sa RKAA ngunit mas pinalakas at pinalawak pa.

Pinasalamatan naman ni Police General Carlos ang UNTV sa pakikipagtulungan nito sa PNP at tiniyak na mas maging epektibo pa ang iba't ibang kampanya ng PNP sa pamamagitan ng mga programang ito, aniya, "Katuwang ng ating mga media partners sa UNTV at BMPI ang programang ito ay magbibigay daan para sa mas malawak na pagbabahagi ng kaalaman, kamalayan at mga impormasyon na may kinalaman sa ating programa kontra krimen, kurapsyon, ilegal na droga at terorismo para sa seguridad at kaligtasan ng ating bansa at ng mamamayang Pilipino."

# Estudyante patay sa hazing; 2 suspek boluntaryong sumuko, 7 pinaghahanap pa ng Laguna PNP



**Laguna - Boluntaryong sumuko ang dalawang suspek habang pitong suspek pa sa hazing ang pinaghahanap ng mga pulisya ng Laguna na ikinasawi ng isang 18 anyos na estudyante nito lamang Lunes, Marso 21, 2022.**

Kinilala ni Police Colonel Rogarth Campo, Provincial Director ng Laguna Police Provincial Office, ang dalawang suspek na sina Venzon Benedict Lacaocao y Cabamalan at Reyvince Espaldon y Cahanap na pawang nasa tamang edad at boluntaryong sumuko sa Kalayaan Municipal Police Station.

Ayon kay Police Colonel Campo, bandang 4:50 ng hapon ng Marso 20, 2022 nang dumulog sa Kalayaan Municipal Police Station si Mrs. Elizabeth Rabutaso y Mondalla, lola ng biktima na si Reymark Rabutazo y Anoñuevo, 18, estudyante na namatay habang ginagamot sa General Cailles District Hospital sa Pakil, Laguna matapos magtamo ng severe injuries sa katawan.

Ayon pa kay Police Colonel Campo, ang biktima ay sumama diumano sa Tau Gamma Fraternity initial rites na ginanap sa Twin Falls na matatagpuan sa Purok 6, Brgy. San Juan, Kalayaan, Laguna.

Samantala, pitong suspek pa ang pinaghahanap ng mga kapulisan na sina Kevin Perez, Kerby Galero, Paolo Lacaocao, Leo Sandro Duco, alyas Papo, Wilson Maestrado, Johndel Ponce, Kris Jairo Cabiscuelas na pawang nasa tamang edad din.

Ang mga suspek ay mahaharap sa kasong Homicide at paglabag sa Republic Act 11053 o ang Anti-Hazing Act of 2018.

Ang Pambansang Pulisya ay patuloy na magsusumikap upang mahuli ang mga taong may pananagutan sa batas at mabigyan ng hustisya ang mga biktima. *(Panulat ni Police Executive Master Sergeant Joe Peter V Cabugon)*

# Lalaking may dalang pampasabog arestado ng La Union PNP



**Sarrat, Ilocos Norte – Naaresto ang isang lalaking may dalang pampasabog sa Oplan Sita ng mga pulisya ng La Union noong Marso 20, 2022.**

Kinilala ni Police Colonel Julius Suriben, Provincial Director, Ilocos Norte Police Provincial Office, ang suspek na si Christopher Bulanadi y Ringor, 45, walang asawa, walang trabaho, residente ng Brgy. Dulao, Aringay, La Union.

Ayon kay PCol Suriben, naaresto ang suspek sa Brgy. 17, San Felipe, Sarrat, Ilocos Norte ng mga miyembro ng 1st Platoon Ilocos Norte Police Mobile Force Company.

Dagdag pa ni PCol Suriben, kahina-hinala ang galaw ng naturang suspek kaya naman nilapitan ito ng dalawang kapulisan na nagsasagawa ng Oplan Sita.

Nakuha mula sa bag ng suspek ang isang round ng cartridge 40mm high explosive, dalawang piraso ng improvised power source ng Improvised Explosive Device, Hand Held Radio Motorola na may wire, labing-apat na piraso ng lighter at isang pirasong holster.

Mahaharap ang suspek sa kasong Illegal Possession of Explosives o RA 9516.

Mas paiigtingin ng Pambansang Pulisya ang pagpapatupad ng Oplan Sita sa kanilang nasasakupan upang magkaroon ng maayos at tahimik na pamayanan lalo na't malapit na ang eleksiyon. *(Panulat ni Patrolman Viljon Anthony Comilang)*





# PNP CHIEF @ UR SERBIS

*Ni PGen Dionardo B Carlos*

## Mas pinalakas na multi-media programs ng Pambansang Pulisya

Upang matugunan ang mga hamon sa paghahatid ng serbisyo at mga impormasyon sa publiko, mas pinalakas ng ating hanay ang iba't ibang multi-media program sa pamamagitan ng paglagda sa isang Memorandum of Agreement sa pagitan ng Philippine National Police at ng UNTV.

Bahagi nito ang mas pinalakas na Pulis @ Ur Serbis Reloaded, programa natin sa telebisyon na napapanood araw-araw mula 12:30 hanggang 2:00 ng hapon sa UNTV News and Rescue Channel. Dito ay ibabahagi natin ang mga magagandang programa at aktibidad ng pulisya para sa ating mga kababayan. Tinatalakay din dito ang mga serbisyong hatid ng ating kapulisan sa paglaban sa krimen, iligal na droga, at iba pang iligal na aktibidad.

Kasama rin sa programa natin sa telebisyon ang "The TSIP" o Talakayan sa Isyung Pulis na napapanood pa rin sa UNTV News and Rescue Channel tuwing Sabado mula 7:00 hanggang 8:00 ng gabi. Dito ay tinatalakay ang iba't ibang isyu ng Pambansang Pulisya at kung papaano ang mga ito nabibigyan ng solusyon. Itinatampok din dito ang mga inisyatibo ng ating hanay sa pagpigil ng krimen, solusyon sa krimen at pagpapatupad ng batas para sa ligtas at maunlad na bansa alinsunod sa AMBISYON Nation 2040.

Ang dalawang programang ito ay regular din nating mapapanood sa social media platforms tulad ng facebook at youtube ng ating hanay at ng UNTV. Layunin ng mga ito na mas mapalapit tayo sa mamamayan at mas maihatid natin ang mga makabuluhang balita at impormasyon sa publiko.

Sa tulong ng ating media partner mula sa UNTV/BMPI, ang mga programang ito ay magbibigay daan para sa mas malawak na pagbabahagi ng kaalaman, kamalayan at impormasyon na may kinalaman sa ating mga programa kontra krimen, korapsyon, iligal na droga at terorismo para sa seguridad at kaligtasan ng ating bansa at mamamayang Pilipino.

Lubos nating kinikilala ang kahalagahan ng mga programang ito at taus-puso tayong nagpapasalamat sa buong pamunuan ng UNTV sa kanilang pagbibigay ng oportunidad at free airing ng mga programa sa kanilang istasyon. Nagpapasalamat din tayo sa kanilang pagtulong sa atin upang maisakatuparan ang pagsasahimpapawid ng mga programang ito.

Sa ating mga kababayan, suportahan po natin ito para mas mapalawig pa naming ang pagbibigay-serbisyo at paghahatid ng mga impormasyon para sa kaligtasan at kaalaman ng lahat.

# EDITORYAL

## PNP, handa sa pagsisimula ng kampanya sa local post

Opisyal nang nagsimula ang kampanya para sa mga lokal na posisyon sa buong bansa nitong ika-25 ng Marso. Kaakibat naman nito ang pagsisiguro ng hanay ng pambansang pulisya na handa ang buong pwersa nito para sa pagpapanitili ng seguridad sa durasyon ng kampanya.

Nakalatag na ang ipatutupad na seguridad ng PNP para matiyak na magiging mapayapa ang panahon ng kampanya hanggang sa halalan. Bilang parte ng pagtiyak sa seguridad hindi lamang ng publiko kundi maging ng mga kandidato, magbibigay ng standard security package ang PNP sa mga kandidato ngunit mananatili lamang ang mga pulis sa campaign activity area at hindi susunod sa mga kandidato. Ito ay bilang pagtalima narin sa certificate of authority mula sa Commission on Elections na tanging ang mga kandidato lamang ang pwedeng magkaroon ng police security personnel.

Makakatuwang naman ng PNP ang Armed Forces of the Philippines para masiguro ang seguridad ng bawat isa ngayong panahon ng kampanya hanggang sa halalan at para maprotektahan ang integridad ng halalan 2022.

Sa kabilang banda, nilagyan naman ng apat na kategorya ng PNP ang mga lugar na nasa election hotspots. Ang green ay ikinokonsiderang generally peaceful, yellow para sa areas of concern na may naitalang election-related incident, ang orange sa areas of immediate concern na may serious armed threat, at red para sa mga lugar na may areas of grave concern kung saan posibleng ideklara ang COMELEC control.


Makakaasa naman ang publiko na hindi dahil nasa kategorya ng green o tinatayang mapayapa ang isang lugar ay hindi na hihigpitan ang seguridad. Lahat ng lugar sa bansa ay may nakalatag nang ipinapatupad na seguridad. Tinitiyak naman ng pambansang pulisya na bawat mamamayan ay magagamit ang karapatang bumoto nang walang takot sa kanilang pinili at kaligtasan.

Mahigpit naman nating pinapaalalahanan ang ating mga kababayan na maging responsable, huwag po tayong magkampante, lalo na 'yung hindi pagsusuot ng face mask o hindi pagsunod sa minimum public health standards. Hindi po dapat rason na maging kampante tayo dahil sa patuloy na pagbaba ng datos ng mga nagpopositibo sa COVID-19. Sa ating mga kandidato, dapat maging responsable din po sana tayo. Tayo po sana ang manguna sa pagpapaalala sa inyong mga tagasuporta na sumunod parin sa health protocols.

Mahigpit din ang babala ng PNP sa lahat ng kandidato sa halalan na huwag gumawa ng anumang uri ng ilegal na aktibidad tulad ng pagbili ng boto, pagkuha ng pribadong pwersang panseguridad, at paglabag sa gun ban.

Ang PNP ay mahigpit na nagpapatupad ng mga batas sa halalan at hindi magdadalawang-isip na ilapat ang buong puwersa ng batas sa sinumang sangkot at nagsusulong ng mga ipinagbabawal na aktibidad sa halalan sa panahon ng kampanya.

Hinihikayat naman natin ang lahat na maging mapagmatyag at maingat dahil walang pinipiling panahon ang mga kawatan at gagamitin pang opurtunidad ang panahon ng halalan para makapangbiktima ng kapwa. Magtulungan tayo para sa tahimik, payapa at malinis na halalan.




# THE PNP CORRESPONDENT

*Ni: PEMS Eric B. Fernandez*

## PNP Double Barrel-Endgame namayagpag sa Luzon

Mas pinaigting ng Pambansang Pulisya ang kampanya ng gobyerno laban sa iligal na droga sa pamamagitan ng PNP Campaign Plan Double-Barrel Finale Version 2022 na kilala rin bilang Anti-Illegal Drugs Operation through Reinforcement & Education (ADORE). Naging matagumpay ang katatapos lamang na Simultaneous Drug Sting Operations sa kalakhang Luzon na nagbunga sa pagkaaresto ng mga drug personalities, pagkakakumpiska, at pagkasira ng illgal na droga noong Marso 23, 2022.

Sa Cordillera Region, nagsagawa ng clearing operations ang mga operatiba ng 1st PMFC, Benguet PPO sa Brgy. Tacadang, Kibungan, Benguet. Nagkaroon ng on-site destruction sa humigit-kumulang 3,640 fully-grown marijuana plants at 5,000 marijuana seedlings na may tinatayang halaga na nasa Php928,000.00 na itinanim sa limang lihim na sakahan ng Cannabis. Gayunman, walang cultivator ang naaresto sa nasabing operasyon.

Sa Central Luzon naman, nauwi sa armadong komprontasyon sa pagitan ng isang drug personality at mga arresting officer ng San Fernando City Police Station SDEU at 1st Provincial Mobile Force Company ng Pampanga Police Provincial Office sa isinagawang drug buy-bust operation sa Brgy. Dolores, San Fernando City, Pampanga. Kinilala ang suspek na si Fritz Domansing Randrup, narekober sa kanya ang 8 grams o anim na sachets na naglalaman ng hinihinalang shabu, na may estimated-value na Php54,400. Nakuha rin sa suspek ang buy-bust money, isang 9mm caliber pistol na may magazine na kargado ng apat na live ammo, iba pang paraphernalia, at isang puting Hyundai Elantra. Mahaharap si Randrup sa kasong paglabag sa Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002 (R.A 9165) at Comprehensive Firearms and Ammunition Regulation Act (R.A 10591).

Samantala, sa CALABARZON naman ay naaresto ang mga operatiba ng Taytay Municipal Police Station si Mark Paul Gerico Manlunas Regaspi sa isinagawang drug buy-bust operation sa Taytay, Rizal na nagresulta sa pagka-aresto at pagkakumpiska sa suspek ng anim na sachets ng hinihinalang shabu na may timbang na humigit-kumulang sa 135 grams na may tinatayang halaga na nasa Php918,000. Nakuha rin mula sa suspek ang buy-bust money.

Ayon kay Police General Dionardo B Carlos, habang pinaiigting ng ating kapulisan ang kampanya ng gobyerno para sa criminal justice, ang PNP ay nangangako na susugpuin ang paglaganap ng iligal na droga sa komunidad habang tapat na ginagampanan ang ating mandato na mas mahusay at taus-puso para sa dekalidad na serbisyo publiko. *(with reports from PCpl Nechaell Carmie Hadjula, PNP PIO).*

# EDITORIAL BOARD

**PGEN DIONARDO B CARLOS**
*Chairman*

*Editorial Consultant*
**PMGEN WALTER E CASTILLEJOS**

*Editor-In-Chief*
**PBGEN ERIC E. NOBLE**

*Executive Editors*
**PCOL MARCIAL MARIANO P. MAGISTRADO IV**
**PCOL ROGELIO P. SIMON**
**PCOL BERNIE H. ORIG**

*Business Manager*
**PLTCOL DAINES O. AMUGUIS**

*Managing Editors*
**PLTCOL CHRISTINE R BAGUNDOL**
**Ms. Evelyn Duremdes-Barz**

**PLT NOMER B. MACARAIG *PLT MYLEEN D. LACAMBRA *PCpl Romulo Cleve M. Ortenero *PCpl Alona Faith L. Edas *PCpl Melody L. Pineda *PCpl Mary Metche A. Moraera *PCpl Carla Mae P. Canapi *Pat Jenny T. Beltran *NUP Emma Kris D. De Guzman *NUP Loreto B. Concepcion**
*Writers/Researchers*

**PSMS Janice C. Arenas *NUP Leonito C. Navales**
*Photographers*

*In-Charge of Circulation*
**PCMS Ronald V. Condes *PSMS Rosie B. Gonzalo *PCpl Rei Austin R. Manahan *Pat Jersen Christopher L. Yalong**

**PLT RALPH KESTER S. RAGAZA**
**PMSg Butch L. Berden**
**PSSg Alan Czar A. Santos**
*Cartoonists*

**Mr. Roy S. Gonzalez**
**Mr. Ralph Evan S. Gonzales**
*Graphic/Layout Artist*

Editorial Office: Police Community Affairs and Development Group
Email Add: pnppublications@yahoo.com / pulisserbisbalita@gmail.com
Tel. No.: (02) 723-0401 local 3453

# TRANSFORMATIONAL LEADERSHIP

*Ni: PCpt Fulgencio M Cañon, Jr*

## Manatiling tapat, sa isip, salita at gawa

Magandang araw po sa inyong lahat. Tunay na ang Diyos ay Mabuti! Sa kabila ng pandemyang ating nararanasan ay nananatili tayong malakas at malusog dahil sa patuloy na pag-iingat at pagkalinga sa atin ng Panginoong Diyos. Sa panahong tayo ay nalilito at hindi alam ang gagawin, ang "Salita ng Diyos" ang nagsisilbi nating lakas pagkat tapat ang Diyos sa Kanyang mga pangako sa atin. Kaakibat naman nito ay ang pagsunod natin sa Kanyang mga utos upang patuloy nating maranasan ang Kanyang biyaya sa atin.

Bawat-isa ay binigyan ng kalayaan na pumili at gumawa ng desisyon sa kanyang buhay. Pinipili mo ba ang pinaka-mainam sa lahat? Alalahanin natin na ang lahat ng ating gagawin ay may ibubungang mabuti o masama. Kaya`t napakahalaga na tayo ay makinig sa mga payo ng ating magulang, kaibigan, ka-opisina o kakilala na nagmamalasakit sa atin. May mga pagkakataon na ang kanilang payo o paalala ay hindi natin binibigyan ng pansin at pagdating ng panahon ang kanilang ibinahagi sa atin ay katulad ng isang ginto o kayamanan na napakahalaga sa atin.

Naranasan mo na bang magsinungaling? Marahil ang maririnig natin sa ating nakausap ay, "Nagawa ko ng magsinungaling at hindi naman ito maiiwasan." Sino nga ba ang hindi nagsinungaling mula pagkabata. Naalala natin na kapag tayo ay hindi nagsasabi ng katotohanan ay pinapalo at dinidisiplina tayo dahil ayaw nilang maging sinungaling tayo.

Ano ba ang benipisyo ng pagiging tapat?

"Ang tapat na labi ay mananatili kailanman, ngunit ang dilang sinungaling ay hindi magtatagal." Kawikaan 12:19

Ang pagsasabi ng katotohanan at pamumuhay ng tapat ay pangmatagalan at ang pagiging sinungaling ay panandalian lamang. Ang Panginoong Diyos ay nagsasabi sa atin na dapat tayong mamuhay ng may katapatan. Dapat manatili sa ating puso at isipan na alam ng Diyos ang lahat ng bagay at wala tayong maitatago sa Kanya. Nagawa man nating magsinungaling sa ating kapwa, darating ang panahon na tayo ay haharap sa Diyos upang tumanggap ng gantimpala o hatol mula sa Kanya.

"Huwag kang sasaksi nang walang katotohanan laban sa iyong kapwa." Exodo 20:16

"Nasusuklam ang Panginoon sa mga nandadaya sa timbangan. Hindi ito mabuting gawain." Kawikaan 20:23


Ang mga nabanggit na talata ay nagtuturo sa atin na tayo ay dapat maging tapat sa salita at gawa. Sapagkat kinamumuhian ng Diyos ang sinungaling at kinahahabagan ang taong tapat. Nasusubok ang ating pagsunod at katapatan sa panahong tayo ay dumaranas ng matitinding pagsubok.

"Pinagpala ang taong nananatiling tapat sa kabila ng mga pagsubok; sapagkat matapos niyang malampasan ang pagsubok, tatanggap siya ng gantimpala ng buhay, na ipinangako ng Panginoon sa mga umiibig sa kanya." Santiago 1:12

Dumarating sa ating buhay ang kakulangan sa pinansiyal, tinutukso tayo ng kaaway (diablo) na makompromiso at gumawa ng katiwalian o kasinungalingan. Alalahanin natin na ang pagiging tapat ay may kalakip na gantimpala sa Diyos at sa kinaukulan.

Tapat ang Diyos sa Kanyang pangako sa atin!

## Suspek sa kasong 8 Counts of Statutory Rape arestado sa Davao de Oro




**Davao de Oro - Arestado ang isang lalaki sa kasong 8 counts of Statutory Rape ng Santo Tomas Municipal Police Station sa Purok 7, Poblacion, Compostela, Davao de Oro, nitong Linggo, Marso 20, 2022.**

**Kinilala ni PMaj Rodante Varona, Acting Chief of Police, ang suspek na si Reynald Dalisme Relabo, 36, at isa ring Top 3 Most Wanted Person sa Municipal level at residente ng nasabing lugar.**

Ayon kay PMaj Varona, ang suspek ay naaresto sa bisa ng warrant of arrest na inihain ni Hon. Carmel Grado, Acting Presiding Judge of 12th Judicial Region, Regional Trial Court, Branch 4, Panabo City, Davao del Norte sa kasong 8 counts of Statutory Rape.

Patuloy naman ang pagtugis ng Police Regional Office 11 sa mga wanted person sa rehiyon upang mailagay sa likod ng rehas ang lahat ng mga lumalabag sa batas. *(Panulat ni Patrolman Alfred Vergara)*

## No. 5 Most Wanted Person ng Novaliches, arestado sa kasong Qualified Rape

**Quezon City – Naaresto ang No.5 Most Wanted Person ng Novaliches ng mga kapulisan ng Quezon City noong Biyernes, Marso 25, 2022.**

Kinilala ni PBGen Remus Medina, District Director ng Quezon City Police District ang suspek na si Joshua Caranzo, 20, at nakatira sa Barangay Graceville, San Jose Del Monte, Bulacan.


Ayon kay PBGen Medina, dakong ika-8:30 ng umaga nang maaresto si Caranzo sa harap ng Nova Stop, sa kahabaan ng Quirino Hi-way, Barangay Pasong Putik, Quezon City ng mga tauhan ng Novaliches Police Station (QCPD PS 4).

Ayon pa kay PBGen Medina, si Caranzo ay naaresto sa bisa ng Warrant of Arrest para sa kasong Qualified Rape na inilabas ni Hon. Cleto R. Villacorta III, ang Punong Hukom ng Branch 229, Regional Trial Court, Quezon City, na may Criminal Case Number R-QZN-21-09281-CR at walang rekomendadong piyansa para sa kanyang pansamantalang paglaya

Saad ni PBGen Medina, "Ang matagumpay na pagkakaaresto ng mga akusado ay isang tunay na indikasyon ng aming determinasyong gampanan ang aming sinumpaang tungkulin na ipatupad ang batas at panatilihin ang kaayusan at katahimikan sa komunidad".

"Ang kapayapaan at kaligtasan ng mamamayan sa Metro Manila ang aming prayoridad sa NCRPO. Makakaasa kayong ito ang aming uunahin sa lahat ng pagkakataon," ani ni PMGen Felipe Natividad, ang Regional Director ng National Capital Region Police Office." *(Panulat ni NUP Loreto B Concepcion)*





# Project “PAILAW" inihandog ng Pangasinan PNP



**Mangatarem, Pangasinan - Naghandog ng Project “PAILAW” ang mga kapulisan sa Barangay Muelang, Mangatarem, Pangasinan nitong Biyernes, Marso 25, 2022.**

Anim na Solar Street Lights ang itinayo sa nasabing barangay sa pangunguna ni Police Lieutenant Colonel Oliver Abayan, Force Commander, Pangasinan 1st Provincial Mobile Force Company, na dinaluhan din ng Pangasinan Police Provincial Office at Mangatarem Police Station.

Ang aktibidad na ito ay bahagi ng 5Ps Program ng Police Regional Office (PRO) 1 sa pangunguna ng butihing Regional Director na si Police Brigadier General Westrimundo D Obinque.

Ayon kay PLtCol Abayan, ang pagkakaroon ng Solar Street lights sa nasabing lugar ay malaking tulong sa mga biyahero lalong-lalo na sa mga residente ng Mangatarem na itinuturing na Geographically Isolated Disadvantage Areas (GIDAS).

Namigay din ng food packs ang mga grupo sa residente ng nasabing barangay.

Lubos naman ang pasasalamat ng mga residente sa biyaya na kanilang natanggap mula sa mga kapulisan. *(Panulat ni Police Staff Sergeant Vanessa A Natividad)*



# Pulis, nagpaanak ng isang misis habang nagsasagawa ng Oplan Sita sa Pandacan, Manila



**Pandacan, Manila — Matagumpay at ligtas na napaanak ng isang Pulis Maynila ang isang ginang na hindi na kayang dalhin pa sa ospital kahapon, March 20, 2022.**

Ayon kay Police Corporal Burt Benson Abad na nakatalaga sa Manila Police District Police Station 10 (Pandacan), nagsasagawa sila ng Oplan Sita kahapon bandang alas-4:30 ng hapon sa Pandacan, Manila kung saan isang babae ang humingi ng tulong sa kanila dahil ang kanyang amo ay manganganak na at hindi na kaya pang dalhin sa ospital.

Kaya naman, agad na rumesponde sa bahay ng ginang ang Team ni Corporal Abad na masuwerte namang si Abad ay isang Licensed Nurse kaya’t siya na mismo ang nagpaanak sa nasabing ginang at mapalad naman na ligtas ang mag-ina.

Matapos mailabas ang sanggol ay agad nila itong dinala sa Manila Doctor’s Hospital gamit ang kanilang Mobile Car dahil hindi na kakayanin kung maghihintay pa sila ng Ambulansya.

Sa ngayon ay nasa maayos na kalagayan ang mag-ina.

Ani PCpl Abad, malaki ang pasasalamat niya dahil ligtas at maayos niyang naisagawa ang pagpapaanak sa ginang dahil matagal na rin niyang hindi na-practice ang ganitong pangyayari. *(Panunulat ni PCpl Rc Ortenero)*

# Community Outreach Program ng 2nd Cotabato PMFC pinasaya ang bayan ng Midsayap



**Midsayap, Cotabato – Pinasaya ng mga tauhan ng 2nd Cotabato Provincial Mobile Force Company ang kanilang nasasakupan sa pamamagitan ng Community Outreach Program kaugnay sa 2022 National Women's Month Celebration sa Purok San Vincente, Brgy. Sta. Cruz, Midsayap, Cotabato nito lamang Miyerkules, Marso 23, 2022.**

Pinangunahan ni PEMS Josefink Patling Jr., Company ESPO katuwang ang Advocacy Support Groups, Kabataaan Kontra Droga at Terorismo (Youth Ministry Organization) sa pangunguna ni Ms. Reyna Mae Eramis, representative ng Cotabato Provincial Police Office GANDA JUANA 2022 at iba't ibang stakeholders sa pagsasagawa sa naturang programa.

Nasa humigit kumulang 80 na magulang at 50 na kabataan ang naging pangunahing benepisyaryo ng kanilang programa.

Pinameryenda at hinandugan ng humigit kumulang 100 food packs ang mga benepisyaryo na lubos naman nilang ikinasaya at ipinagpasalamat.

Nagpapasalamat din ang Police Regional Office 12 sa pamumuno ni PBGen Alexander Tagum, Regional Director sa walang sawang pagsuporta ng iba’t ibang stakeholders sa mga programa ng Pambansang Pulisya para mapanatili ang magandang ugnayan ng pulisya sa komunidad. *(Panulat ni Patrolman Khnerwin Jay Medelin)*

# PNP Water Cops binigyang parangal ni Chief PNP



**Camp Crame, Quezon City - Pinangunahan ni Philippine National Police Chief, Police General Dionardo Carlos ang pagbibigay parangal sa PNP Water Cops kasabay ng pagdaraos ng Traditional Monday Flag Raising Ceremony nitong umaga ng Lunes, Marso 21, 2022 na ginanap sa PNP National Headquarters, Camp BGen Rafael T Crame, Quezon City.**

Kamakailan lang nakabalik ang grupo mula sa Visayas matapos ang halos dalawang buwang pamamalagi roon upang makatulong sa mga nasalanta ng bagyo lulan sa tatlong Search and Rescue Vehicles (SAR) with water desalination machine noong Disyembre ng nakaraang taon.

Tinatayang nakapagpaabot ang PNP Water Cops ng higit 7,680 gallons ng malinis na tubig inumin mula sa tubig alat sa halos 3,046 katao sa Rehiyon VII at Rehiyon VIII.

Ang naturang grupo ay binubuo ng 17 PNP personnel mula sa Special Action Force, Police Regional Office 2 at Police Regional Office 5.

Bilang pagkilala sa kanilang natatanging kabayanihang ibinahagi, ginawaran ang 17 miyembro ng PNP Water Cops ng Medalya sa Pagtulong sa Nasalanta na ibinigay mismo ni Police General Carlos.

Samantala, pinuri naman ni Police General Carlos ang grupo at pinasalamatan sa kanilang natatanging kabayanihan, aniya, "Ang inyong pagtulong lalo na sa mga nasalanta nating kapwa Pilipino ay isang patunay na ang ating kapulisan ay lubos na maaasahan sa lahat ng oras, hindi lamang sa aspeto ng pagbibigay seguridad laban sa kriminalidad kundi pati na rin sa panahon ng kalamidad, sakuna, trahedya at pandemya ay talaga naman pong laging alerto 24 oras, yan ang tunay na Police at your Service."



# 2 Explosive Detection Dogs (EDDs) pinarangalan sa kanilang pagretiro sa Davao City



**Davao City - Pinarangalan ang dalawang Explosive Detection Dogs (EDDs) sa kanilang naging retirement sa Pulis Bagani Hall, Camp Sgt Quintin M Merecido, Buhangin, Davao City, nito lamang Lunes, Marso 21, 2022.**

Sa pangunguna ni PBGen Edgar Alan Okubo, Deputy Regional Director for Administration, PRO 11, nabigyan ng Plaque of Recognition at Token ang EDD na sina "Maxus" at "Yna" na siyang naging katuwang ng Explosive Ordnance Division o EOD-K9 sa loob ng mahigit 8 taon sa pagsasagawa ng iba't ibang operasyon para sa seguridad ng taong bayan.

Si EDD "Maxus" na mula EOD and Canine Unit-Davao City Police Office at EDD "Yna" na mula naman sa EOD and Canine Unit-Davao del Norte Police Provincial Office ay nagsilbi sa bayan simula Hunyo 5, 2012 hanggang Nobyembre 12, 2020.

Kinilala rin ang pulis na handler ni Maxus na si PMSg Noel Apostol at ni Yna na si PMSg Bernie Joy Gonzales sa kanilang matiyagang pagtuturo at pag-aalaga sa dalawang EDD.

Ito ay ang paraan ng pagpapasalamat ng pamunuan ng Pulis Rehiyon Onse sa serbisyo at pagganap ng tungkulin ng dalawang EDD na ito sa bayan sa ilalim ng EOD and Canine Unit. *(Panulat ni Patrolman Rhod Evan Andrade)*

# Php18M halaga na BDP road construction nabigyang katuparan sa tulong ng kapulisan sa Davao del Sur

**Davao del Sur - Isinagawa ang Ground Breaking Ceremony sa Php18 milyong pisong halaga ng road construction na naisakatuparan sa pagsusumikap ng Revitalized-Pulis sa Barangay nito lamang Martes, Marso 22, 2022 sa Brgy. Darapuay, Bansalan, Davao del Sur.**

Pinangunahan ni PBGen Allan Okubo, PRO 11 Deputy Director for Administration, bilang kinatawan nina PMGen Filmore Escobal, Deputy Director Area Police Command-Eastern Mindanao; at PBGen Benjamin Silo Jr, PRO 11 Regional Director ang naging ground breaking at laying of capsule ng nasabing kalsada.

Ang partikular na proyekto ay para sa pagkonkreto ng 1-km Andrew Awe Road sa Purok 9 at ang 800-meter Anderang road sa Purok 8 ng nasabing barangay na may kabuuang halaga na Php18 milyon.

Ang pondo para sa proyekto ay nagmula sa 20-Million Barangay Development Program (BDP) na naglalayong suportahan ang mga Communist Terrorist Group (CTG) cleared barangays na handa para sa kaunlaran.

Katuwang ang PRO 11 R-PSB at ang LGU ng Bansalan, Davao Del Sur, nakatanggap ang Barangay Darapuay ng kabuuang 20-Million Development Fund kung saan 18-Million ang inilaan para sa road concreting para mapabilis ang paglalakbay ng mga kalakal at economic activity sa nasabing barangay. Ang natitirang halaga ay inilaan para sa solar street lamps upang magdala ng liwanag sa lugar.

Ang nasabing mga proyekto ay naglalayon na magbukas ng mga pagkakataon upang maiangat ang katayuan ng pamumuhay ng mga tao sa mga Barangay na naapektuhan ng kaguluhan at ganap na mapuksa ang insurhensya.


Ang Barangay Darapuay ay dating kuta ng CTG na matatagpuan sa Geographically Isolated and Disadvantaged Areas (GIDAS) at nasa hangganan ng North Cotabato.


Ang lubak-lubak na kalsada, kawalan ng linya ng tubig, kabuhayan at mga ilaw sa kalye ang mga isyung minamanipula ng mga CTG na naging kuta noon sa lugar.


Nakita ng R-PSB Darapuay sa pamumuno ni PLt Jergie Carumba na isa sa pangunahing kailangan ng ating mga kababayan ang pagkakaroon ng maayos na kalsada sa GIDAS kaya ganoon na lamang ang kanilang malasakit sa nasabing barangay.


Dahil sa nalalapit na pagkakaroon ng sementadong daan ay walang katumbas na pasasalamat ang naging tugon ng mga residente rito dahil sa wakas ay maaayos na ang kanilang lubak-lubak na kalsada.


Kabilang din sa mga dumalo ang Local Government Unit ng Davao del Sur at Philippine Army sa pangunguna ni Maj Victor Inting, Ex-O 39IB at iba pang local agencies tulad ng DILG, NCIP, IPMR at District Engineer. *(Panulat ni Patrolwoman Rose Ann Delmita)*



# BANTAYOG NG KAGITINGAN

Ni: PLt Robert Fabregas

## Alay na Buhay Para sa Demokrasya

"Inay, nasaan po si Papa, kailan natin siya mayayakap, kailan natin siya makakasama? Ito ang mga katanungan ng mga anak ni Ginang Elenita Dandan sa kanya. Halos madurog ang kanyang puso sa tuwing maririnig niya ang pag-iyak ng kanyang bunso at pagtawag sa pangalan ng ama na ilang linggo nang nawawala. Maging ang pinggan at baso na nakalagay sa puwesto ng kanyang asawa sa hapag-kainan ay laging pinupunasan ng kanyang bunso sa pag-asang muli nilang makakasalo si PSSg Restie Dandan. Unti-unti nang ginugupo nang kawalang pag-asa si Gng Dandan subalit kailangan niyang maging matatag para sa kaniyang mga anak.

Si PSSg Dandan ay dinukot ng mga teroristang New People's Army (NPA) noon pang July 31, 2020 sa Purok 1, Brgy. San Isidro, Sison, Surigao Del Norte. Ang pulis ay aktibong kabalikat at nakakasama ng komunidad sa mga makabuluhang gawain upang maging mapayapa at matahimik ang kanilang pamayanan. Isang responsableng ama ng tahanan si PSSg Dandan na laging ang kapakanan ng kanyang mga anak ang iniisip.

Kaugnay nito, mariing kinondena ng lokal na pamahalaan ng bayan ng Sison ang ginawang pagdukot ng NPA kay PSSg Dandan. "We strongly condemn this heinous act of cowardliness and terrorism!", ang mariing pahayag ni Mayor Karissa Fetalvero-Paronia ng bayan ng Sison. Nagtulung-tulong sa paggawa ng kaukulang hakbang ang mga ahensya ng pamahalaan upang mailigtas sa kapahamakan ang dinukot na pulis. Sama-sama rin ang mga mamamayan sa panawagang makalaya sa kuko nang kalupitan ng mga NPA si PSSg Dandan.

Ganoon pa man, naging bingi ang tenga ng mga NPA sa pakiusap at pagsusumamo ng mamamayan ng Sison at nang pamilya ng pulis. Bandang alas 7:00 ng umaga, August 18, 2020, natagpuang patay na si PSSg Restie Dandan, 42 anyos, sa Sitio Napo, Barangay Matin-ao, sa bayan ng Mainit, Surigao Del Norte. Labis ang panlulumo at paghihinagpis ng mamamayan ng Surigao Del Norte dahil sa malagim na kamatayang sinapit ng kanilang pulis mula sa kamay ng mga berdugong NPA.

Hindi lamang isang pulis ang binawian ng buhay ng mga terorista, pinagkaitan din nila ng magandang buhay at kinabukasan ang tatlong anak at may-bahay ni PSSg Dandan na umaasa lamang sa kanya. Isang kasapi ng komunidad, isang alagad ng batas, isang responsableng ama ang pinaslang ng mga manliligalig. Pinatunayan ng mga NPA ang kanilang kalupitan, karahasan at kawalan nang pagpapahalaga sa buhay ng kapwa!


Maaga mang kinuha ng kamatayan si PSSg Dandan, mananatili siyang buhay sa puso at diwa ng kanyang mahal na pamilya, mga kasamahan at mamamayan na kanyang pinaglingkuran!

# Top 1 Most Wanted Person ng Bukidnon arestado sa kasong Murder

**Malaybalay City, Bukidnon - Naaresto ang Top 1 Most Wanted Person (Provincial Level) ng Bukidnon sa operasyon ng mga pulisya nitong Marso 19, 2022 sa kasong Murder.**

Kinilala ni Police Colonel Jun Mark Lagare, Provincial Director, Bukidnon Police Provincial Office ang suspek na si Venerando Daguiwaas y Jadaong, 64, magsasaka, residente ng Purok 12, Paglaom, Don Carlos, Bukidnon.


Ayon kay Police Colonel Lagare, bandang 6:31 ng umaga naaresto ang suspek sa Purok 5, Brgy. 9, Malaybalay City, Bukidnon ng mga operatiba ng Provincial Intelligence Unit at Malaybalay City Police Station.




Ayon pa kay Police Colonel Lagare, si Daguiwaas ay naaresto sa bisa ng Warrant of Arrest sa ilalim ng Criminal Case Number 13621-03 na nilagdaan ni Hon. Agustin O Javellana, Presiding Judge ng Regional Trial Court, 10th Judicial Region, Branch 8, Malaybalay City, noong Nobyembre 5, 2003, para sa kasong Murder at walang nirekomendang piyansa.

Patunay na ang kapulisan ng Bukidnon ay walang humpay na nagsisikap upang ilagay sa likod ng rehas ang mga taong nagkasala sa batas. *(Panulat ni Police Staff Sergeant Grace Neville L Ortiz)*

# Top 1 Most Wanted Person ng Dagupan City arestado sa San Fabian, Pangasinan




**San Fabian, Pangasinan – Naaresto ang Top 1 Most Wanted Person ng Dagupan City ng mga pulisya noong ika-19 ng Marso 2022, sa kasong Three Counts of Act of Lasciviousness.**

Kinilala ni Police Lieutenant Colonel Louise Benjie Tremor, Chief of Police ng Dagupan City Police Station ang suspek na si Ereneo Gonzales Aquino, 55, construction worker, residente ng Sitio Palatong, Bonuan Binloc, Dagupan City.

Ayon kay PLtCol Tremor, bandang 11:55 ng umaga naaresto si Aquino sa Brgy. Cayanga, San Fabian, Pangasinan ng mga operatiba ng Dagupan City Police Station, Regional Intelligence Division-Police Regional Office 1, Provincial Intelligence Unit, Pangasinan Provincial Police Office, PIDMU Pangasinan, 104th Mobile Company, Regional Mobile Force Battalion at San Fabian Police Station.

Ayon pa kay PLtCol Tremor, si Aquino ay naaresto sa bisa ng Warrant of Arrest sa kasong Three Counts of Act of Lasciviousness kaugnay sa Art III. Sec 5 (B) ng RA 7610 na nilagdaan ni Hon. Sarah Sanchez Fernandez, Presiding Judge of Family Court, First Judicial Region, Branch 15, Dagupan City, Pangasinan noong Marso 18, 2022 na may Criminal Case Number 2020-0197-D, 2022-0198-D and 2022-0199-D na may rekomendadong piyansa na Php200,000.

Ang tagumpay ng operasyon ay bunga ng magandang ugnayan at samahan ng mga kapulisan at mga mamamayan para mapanatiling ligtas ang komunidad sa anumang krimen. *(Panulat ni Patrolman Dennis P Carinal)*

# Top 2 Most Wanted Person ng Marinduque arestado sa kasong Attempted Murder

**Sta. Cruz, Marinduque – Naaresto ang Top 2 Most Wanted Person (Municipal Level) sa kasong Attempted Murder sa Manhunt Operation ng mga pulisya ng Marinduque nitong Huwebes, Marso 24, 2022.**

Kinilala ni Police Colonel Christoper Melchor, Provincial Director, Marinduque Police Provincial Office, ang suspek na si Nestor Garcia Rivamonte, 53, residente ng Brgy. Banogbog, Sta Cruz, Marinduque.

Ayon kay PCol Melchor, naaresto si Rivamonte sa nasabing barangay sa pinagsanib na puwersa ng Sta. Cruz Municipal Police Station, Provincial Intelligence Unit Marinduque Police Provincial Office, Criminal Investigation and Detection Group Marinduque, Marinduque Provincial Mobile Force Platoon, Regional Intelligence Unit 4B at Provincial Intelligence Team Marinduque.

Ayon pa kay PCol Melchor, naaresto si Rivamonte sa bisa ng Warrant of Arrest sa kasong Attempted Murder na inisyu ni Honoroble Antonina M Calderon Presiding Judge, Regional Trial Court, Boac, Marinduque noong Pebrero 17, 2022 at may inirekomendang piyansa na Php120,000.


Ang Pambansang Pulisya ay hindi titigil sa kampanya laban sa pagsugpo sa kriminalidad, droga at terorismo para sa kaligtasan at kapayapaan ng mamamayan at ng bansa. *(Panulat ni Patrolman Erwin Calaus)*

# Top 1 Most Wanted Person sa Maynila arestado sa kasong Homicide

**Manila City - Arestado ang Top 1 Most Wanted Person (MWP) sa isinagawang Manhunt Charlie ng mga kapulisan ng Maynila nito lamang Martes, Marso 22, 2022.**

Kinilala ni PBGen Leo Francisco, District Director ng Manila Police District ang suspek na si Jerry Lloren y Sarita, 35.

Ayon kay PBGen Francisco, bandang 6:30 ng gabi naaresto ang suspek sa kahabaan ng Sto. Niño cor Capulong St. Brgy. 107 Tondo ng mga operatiba ng Intel/Warrant and Subpoena Branch, Police Station 3 – Sta Cruz, Manila Police District.




Ayon pa kay PBGen Francisco, ang naarestong suspek ay may nakabinbing Warrant of Arrest sa ilalim ng Criminal Case No. R-MNL-22-01475-CR sa kasong Homicide (RPC ART 249) na inisyu ni Hon. Maria Paz Rivera Reyes-Yson, Presiding Judge ng RTC Branch 54, Manila noong Marso 15, 2022 at may inirekomendang piyansa na Php120,000.

Tiniyak ni PBGen Francisco na ang kanilang hanay ay patuloy na ipapatupad ang mandatong inatas sa kanila lalo sa pagtuligsa sa mga taong may warrant of arrest.

# 2 miyembro ng Milisyang Bayan, boluntaryong sumuko sa Isabela PNP







**Isabela – Boluntaryong sumuko ang dalawang miyembro ng Milisyang Bayan (NPSRL) sa mga kapulisan ng Isabela nitong Miyerkules, ika-23 ng Marso, 2022.**

Ayon kay Police Lieutenant Colonel Jeffrey Raposas, Force Commander, 1st Isabela Provincial Mobile Force Company, ang dalawang boluntaryong sumuko ay pawang magsasaka at mula pa sa bayan ng San Mariano, Isabela.

Ayon pa kay PLtCol Raposas, nagtungo at boluntaryong sumuko ang dalawang miyembro sa Headquarters Office ng 1st Isabela Provincial Mobile Force Company sa Barangay Baligatan, City of Ilagan, Isabela sa pakikipag-ugnay sa Isabela Police Provincial Office, Provincial Intelligence Unit, CIDG Isabela Provincial Field Unit, 201st Regional Mobile Force Battalion 2, PNP-SAF at Regional Intelligence Unit 2.

Dagdag pa ni PLtCol Raposas, napadali at naging matagumpay ang pagsuko ng dalawa dahil sa patuloy na pagpapaigting ng Retooled Community Support Program gaya ng Project MASK (Malasakit Akmang Sagot sa Krisis) at Project SUBLI (Sarili mo'y Uusad Biyayang Pangkabuhayang Laan na Aming Igagawad) ng himpilan.

Lalo pang paiigtingin ng Pambansang Pulisya ang kampanya laban sa insurhensiya at hikayatin ang mga mamamayan na huwag magpapaniwala sa mga pangako ng CTG sapagkat nasa gobyerno pa rin ang ikakaayos at ikakatahimik ng buhay ng bawat isa. *(Panulat ni Police Corporal Carla Mae P Canapi)*

# CTG Member, sumuko sa 2nd Eastern Samar PMFC




**Eastern Samar – Boluntaryong sumuko ang isang miyembro ng Communist Terrorist Group sa mga kapulisan ng 2nd Eastern Samar Provincial Mobile Force Company nito lamang Huwebes, Marso 24, 2022.**

Kinilala ni Police Lieutenant Colonel Rolando Dellezo, Acting Force Commander ng 2nd Eastern Samar Provincial Mobile Force Company, ang sumuko na si alyas “Ka Yap”, Medical Officer ng Squad Dos na pinangungunahan ni alyas “Barok”, CO ng APOY Platoon FC SE SRC na kumikilos sa lugar ng Lawaan pababa ng Borongan City at sa lahat ng munisipalidad ng Eastern Samar.

Ayon kay PLtCol Dellezo, kasama ng pagsuko ni “Ka Yap” ay ang isang caliber 45 pistol na Colt M1911-A1 na may Serial Number na 795218, isang magazine assembly na may apat na live ammunitions ng parehong kalibre.


Tiniyak ni PLtCol Dellezo na ieendorso si “Ka Yap” sa programa ng gobyerno na Enhanced Comprehensive Local Integration Program (E-CLIP) para sa kanyang pagbabagong buhay.


Ang E-CLIP ay isa sa flagship program ng administrasyon ni Pangulong Duterte na naglalayong magbigay ng social equity sa mga dating miyembro ng NPA, Communist Terrorist Groups, National Democratic Front of the Philippines at Militia ng Bayan para muling maisama sila sa mainstream society.

Sinabi ni PLtCol Dellezo, “ito ay isang hakbang palapit sa pagbuo ng isang mapayapa at maunlad na bansa”.

Pagkatapos ay idinagdag niya na sa ilalim ng kanyang pamumuno ang kanyang mga tauhan ay nagsusumikap sa abot ng kanilang makakaya na maisakatuparan ang pagpuksa sa mga Communist Terrorist Groups (CTG's) at patuloy na palalakasin ang istratehiya ng katalinuhan nito upang makamit ang mas mataas na layunin ng pagkakaroon ng makatarungan at pangmatagalang kapayapaan sa lalawigan. *(Panulat ni Patrolwoman Rialyn Valdez)*

# Mag-asawang may kasong Homicide, arestado ng RMFB7




**Bayawan City, Negros Oriental – Timbog ang mag-asawang my kasong Homicide sa isinagawang operasyon ng pulisya sa Negros Oriental nito lamang Huwebes, Marso 24, 2022.**

Kinilala ni Police Lieutenant Colonel Ronan Claravall, Force Commander, RMFB 7 ang mga naaresto na sina Edwin G Pabello, 60 at Consolacion L Pabello, 75, parehong residente ng Sitio Napo, Brgy. Tayawan, Bayawan City, Negros Oriental.

Ayon kay PLtCol Claravall, naaresto ang mag-asawang suspek bandang 4:50 ng hapon sa Brgy. Villarean, Bayawan City ng pinagsanib puwersa ng mga operatiba ng 705th Maneuver Company RMFB7 at Bayawan City Police Station.

Ayon pa kay PLtCol Claravall, ang mga suspek ay inaresto sa bisa ng Warrant of Arrest sa kasong Homicide na may Criminal Case number 3362 na inisyu ni Hon Maria Myla Rae Santos Orden, Presiding Judged of RTC, 7th Judicial Region, Branch 63, Bayawan City, Negros Oriental na may piyansang Php200,000.

Walang humpay ang kampanya ng pulisya laban sa kriminalidad at walang kawala sa batas ang lahat ng nagkasala. *(Panulat ni Patrolman Carl Philip Galido)*


# Babaeng illegal recruiter at Top 1 Most Wanted Person Regional Level arestado sa Davao City

**Davao City - Arestado ang babaeng illegal recruiter sa isinagawang operasyon ng pinagsamang tauhan ng Criminal Investigation and Detection Group (CIDG) at Davao City Police Office sa Leon Guerrero St., Brgy 8-C, Davao City, nito lamang Lunes, Marso 21, 2022.**

Kinilala ni Police Major Jake Candelaria Goles, Station Commander ng Sta Ana Police Station, ang suspek na si Crystal Morata Barcelita, 36, residente ng Brgy. Comonal, Davao City at kinilala bilang Top 1 Most Wanted Person Regional Level ng CIDG.

Ayon kay PMaj Goles, naaresto ang suspek sa bisa ng Warrant of Arrest na inihain ni Hon. Raul Babaran, RTC Branch 19, Cauayan City, Isabela.

Hindi naman titigil ang pamunuan ng Police Regional Office 11 sa pangangasiwa ni Regional Director, PBGen Benjamin Silo Jr na papanagutin ang sinumang may sala sa batas. *(Panulat ni Patrolman Alfred Vergara)*



# Php5.8M halaga ng shabu nasamsam sa Tagum City, Davao del Norte



**Tagum City, Davao del Norte - Nasamsam ang Php5,877,975.76 halaga ng shabu sa isang drug personality matapos maghain ng Search Warrant ang mga operatiba ng Tagum City nito lamang Linggo, Marso 20, 2022.**

Kinilala ni PLtCol Jay Dema-Ala, Acting Chief of Police ng Tagum City Police Station ang suspek na si Michael Pascual Quevido, Top 16 City level drug personality, residente ng Visaya Village, Tagum City, Davao del Norte.

Ayon kay PLtCol Dema-Ala, narekober sa mismong bahay ni Quevido ang humigit kumulang 864.4082 na gramo ng hinihinalang shabu na nagkakahalaga ng Php5,877,975.76, mga parapernalya at isang .45 caliber na may limang live ammunition.

Bagamat wala ang suspek nang ihain ng mga tauhan ng Tagum City Police Station at Provincial Drug Enforcement Unit (PDEU) ng Davao del Norte ang Search Warrant, ang asawa nito ang tumanggap ng papel at naging saksi sa isinagawang search procedure.

Pinuri ni PBGen Benjamin Silo Jr., Director ng Police Regional Office 11, ang napakalaking tagumpay ng nasabing team at ang mga kapulisan ng PRO 11 sa magandang serbisyong publiko.

"Im optimistic that in due time, we can achieve to make Davao Region a drug free region in the Philippines," aniya pa ni PBGen Silo Jr. *(Panulat ni Patrolman Alfred Vergara)*

# Php27.6M halaga ng smuggled na sigarilyo, nasabat sa Davao del Sur

**Davao del Sur - Tinatayang Php27.6 milyong pisong halaga ng smuggled na sigarilyo ang nasabat sa isang suspek sa buy-bust ng mga operatiba ng Davao del Sur nito lamang Huwebes, Marso 24, 2022.**



Kinilala ni PLtCol Hamlet Lerios, Chief ng Regional Special Operation Group-Regional Police Drug Enforcement Unit 11/COP, Digos CPS ang suspek na si Tapsaren Alibasa 47, residente ng Aplaya, Hagonoy, Davao del Sur.

Ayon kay PLtCol Lerios, nahuli si Alibasa sa nasabing lugar ng pinagsamang tauhan ng RSOG-RPDEU 11, Regional Intel Division (RID) at Integrity Monitoring Enforcement Group (IMEG) sa pakikipag-ugnayan sa Bureau of Customs (BOC).

Nahuli ang suspek habang aktuwal na nagbebenta ng hinihinalang smuggled na sigarilyo sa awtoridad na nagpanggap bilang poseur-buyer.

Ayon pa kay PLtCol Lerios, ang nasabing operasyon ay nagresulta sa pagkakakumpiska sa 690 na kahon na naglalaman ng iba't ibang brand ng smuggled na sigarilyo na nagkakahalaga ng Php27,600,000.

Dagdag pa ni PLtCol Lerios, nakuha rin mula sa suspek ang isang 9mm Armscor pistol na may magazine na naglalaman ng pitong 9mm live ammunition, isang Caliber .45 na may magazine na naglalaman ng tatlong .45 live ammunition, dalawang magazine na naglalaman ng limang bala bawat isa, at 15 piraso ng 9mm na bala.

Ang suspek ay nahaharap sa kasong paglabag sa RA 1937 (Tariff), RA 108639 (Customs and Tariff Code/Administration), RA 8293 (Intellectual Property Code of the Philippines), RA 7394 (Consumer Act of the Philippines), RA 10591 (Comprehensive Law on Firearms and Ammunition) at Article 189 ng Revised Penal Code (Unfair competition, fraudulent registration of trademark, tradename or service mark, fraudulent designation of origin, and false description).

Hindi naman titigil ang kapulisan ng Police Regional Office 11 hangga't may mga gumagawa ng ilegal sa rehiyon at sisiguraduhing pananagutin ang mga may sala sa batas. *(Panulat ni Patrolman Alfred D Vergara)*

# Php4.2M halaga ng Cocaine narekober sa baybaying dagat ng Cagayan



**Cagayan - Narekober ng mga kapulisan ang mahigit-kumulang 800 gramo ng Cocaine na nagkakahalaga ng Php4.2 milyon na palutang-lutang sa baybayin ng Brgy. Bisagu, Aparri, Cagayan noong Martes, Marso 22, 2022.**

Ayon kay Police Captain Tristan John Zambale, Chief of Police ng Aparri Municipal Police Station, isinuko ni Alyas Bobby, mangingisda sa nasabing barangay, ang isang nabuksang bloke na nakabalot sa plastic at naglalaman ng cocaine sa mga kapulisan.

Ayon pa kay PCpt Zambale, matagumpay na naiproseso ang turn-over ng natagpuang cocaine sa tulong ng Aparri Police Station, Philippine Drug Enforcement Agency 2, Regional Maritime Unit 2, Cagayan Provincial Intelligence Unit, Regional Intelligence Division 2, Regional Intelligence Unit 2, Regional Drug Enforcement Unit 2, National Bureau of Investigation 2, 17th Infantry Battalion-Philippine Army, Naval Intelligence and Security Unit 12, at Marine Battalion Landing Team 10.

Pinuri naman ni Police Colonel Renell Sabaldica, Provincial Director ng Cagayan Police Provincial Official ang pagpupursige ng mga kapulisan upang mabantayan ang karagatan ng Cagayan.

Pinasalamatan din niya ang mga Cagayano sa patuloy na pagsuporta at pakikipagtulungan sa mga kapulisan upang masugpo ang ilegal na droga at kriminalidad sa lalawigan. *(Panulat ni Police Staff Sergeant Mary Joy D Reyes)*

# Top 3 Most Wanted ng Calabarzon, arestado ng Sta. Rosa PNP sa kasong 6 counts Rape

**Sta. Rosa, Laguna - Naaresto ang Top 3 Most Wanted Person ng rehiyon 4A sa operasyon ng mga pulisya ng Sta Rosa nito lamang Lunes, Marso 21, 2022 sa kasong 6 counts rape.**

Kinilala ni Police Colonel Rogarth Campo, Provincial Director ng Laguna Police Provincial Office ang suspek na si Martin Lorenzo S Amor, 35, welder, residente ng Block 47, Lot 46, Ph 1C, Barangay Malitlit, Sta. Rosa City, Laguna.

Ayon kay Police Colonel Campo, bandang 6:40 ng gabi naaresto si Amor sa Brgy. Tagapo, Sta. Rosa, Laguna sa isinagawang manhunt operation ng mga tauhan ng Sta. Rosa City Police Station.

Ayon pa kay Police Colonel Campo, naaresto ang suspek sa bisa ng Warrant of Arrest na pinirmahan ni Hon. Gil Jude Franco Sta. Maria Jr., Presiding Judge ng Regional Trial Court Branch 102 ng Sta. Rosa City, Laguna noong March 14, 2022 para sa anim na kasong Rape na may criminal case # 21-3109 to 3114 at walang inirekomendang piyansa.

"Ito ang patunay na hindi tumitigil ang Laguna PNP sa pagtugis sa mga kriminal upang mapanagot sila sa batas kung mapatunayan at mabigyan ng hustisya ang mga biktima", ani Police Colonel Campo.

Patunay na ang Pambansang Pulisya ay walang humpay na magsisikap upang mahuli ang mga most wanted ng batas para manatiling ligtas ang ating komunidad. *(Police Executive Master Sergeant Joe Peter Cabugon, RPCADU 4A)*



# Php340M halaga ng shabu nasabat sa Quezon City



**Quezon City - Tinatayang Php340 milyong halaga ng shabu ang nasabat sa Quezon City sa tatlong naarestong suspek sa buy-bust operation ng mga alagad ng batas nito lamang Miyerkules, Marso 23, 2022.**

Kinilala ni PBGen Remus Medina, District Director ng Quezon City Police District (QCPD) ang mga suspek na sina Gibbrael Arcega, 32 at Mikkael Arcega, 29, parehong nakatira sa Mindanao Ave. Extn., Brgy. Talipapa, Quezon City at ang sugatang suspek na si Ramil Ramos, 39, nakatira sa Doña Juana, Brgy. Talipapa, Quezon City na agad ding dinala sa pagamutan upang lapatan ng medikal na lunas.

Ayon kay PBGen Medina, dakong 10:30 ng umaga naaresto ang mga suspek sa tabi ng isang gasolinahan sa kahabaan ng Mindanao Ave., Northbound, Brgy. Talipapa, Quezon City ng pinagsamang puwersa ng Philippine Drug Enforcement Group (PDEG) IFLD, SOU3 (lead unit), PDEA-NCR, CIDG, Bureau of Customs, The Customs Intelligence and Investigation (BOC CIIS), QCPD DDEU at PS3 Talipapa Police Station.

Dagdag pa ni PBGen Medina, nakumpiska sa mga suspek ang 50 kilo ng shabu na tinatayang nagkakahalaga ng Php340 milyon, isang puting Nissan Urvan, isang blue suitcase, at isang .45 pistol na baril na may dalawang magazine at bala.

Mahaharap ang mga suspek sa kasong paglabag sa R.A. 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002 at R.A. 10591 o Comprehensive Firearms and Ammunition Regulation Act.

“Pinupuri ko ang mga operatiba mula sa iba't ibang ahensya para sa kanilang agarang aksyon at pagtutulungan na naging dahilan para mahuli ang mga suspek at maging matagumpay ang ganitong malakihang operasyon kontra ilegal na droga,” saad ni PBGen Medina.

# Php6.8M halaga ng shabu, nakumpiska; 3 arestado sa PNP buy-bust sa Cavite

**General Trias, Cavite - Tinatayang Php6.8 milyong halaga ng shabu ang nakumpiska sa tatlong suspek sa buy-bust operation ng kapulisan ng Cavite nitong Miyerkules, Marso 23, 2022.**

Kinilala ni Police Brigadier General Randy Peralta, Director ng PNP Drug Enforcement Group, ang mga suspek na sina Eman Mabandus Bongcarawan, alyas Eman, 29; Norhanah Didaagun Dirampatin alyas Ada; Nur-Laila Alonto Capatagan alyas Laila, 20; pawang mga walang trabaho at mga residente ng Lot 179, Block 10, Trogon Street, Westwood Phase 1, Pasong Camachile 1, Gen Trias City, Cavite habang si Noralyn Macalangan, alyas Madam Tisay naman ay kasalukuyang pinaghahanap pa ng mga alagad ng batas.

Ayon kay PBGen Peralta, bandang 10:30 ng gabi naaresto ang mga suspek sa nasabing barangay sa pinagsanib na puwersa ng PNP Drug Enforcement Group-Special Operation Unit 4A at General Trias Municipal Police Station.

Ayon pa kay PBGen Peralta, nakumpiska mula sa mga suspek ang kabuuang isang kilong white crystalline substance na hinihinalang shabu na nagkakahalaga ng Php6,800,000 at isang Php1,000 bill na ginamit bilang boodle money.

Kabilang din sa nakumpiska ang isang unit Nokia cellphone analog color black, isang brown shoulder bag na naglalaman ng pink wallet na may Identification Card ni Nur-Laila Alonto Capatagan, isang brown wallet na may lamang Identification Cards ni Eman Mabandus Bongcarawan at isang brown shoulder bag na naglalaman ng Identification Cards ni Norhanah Didaagun Dirampatin.

Hinihikayat ng Pambansang Pulisya ang mga mamamayan na patuloy sa pakikiisa at pakikipagtulungang sugpuin ang mga ilegal na droga sa bansa para mahuli ang mga tulak o gumagamit nito at maiwasan ang pagdami ng buhay na malilihis ang landas. *(Panulat ni Police Executive Master Segeant Joe Peter V Cabugon)*

# Php17M halaga ng Cocaine narekober sa baybaying dagat ng Cagayan



**Ballesteros, Cagayan - Narekober ng kapulisan ang mahigit tatlong (3) kilo ng Cocaine na nagkakahalaga ng Php17 milyon na palutang-lutang sa baybayin na nasasakupan ng Abulug at Ballesteros, Cagayan noong Lunes, Marso 21, 2022.**

Ayon kay Police Colonel Ricardo Villanueva, Chief, Regional Maritime Unit 2, namataan nina Raymart Leste at Willard Labbao, mga mangingisdang residente ng Barangay Sanja sa bayan ng Aparri ang tatlong bloke na naglalaman ng ilegal na droga na selyado ng plastic, packing tape, at itim na goma na nakalutang limang kilometro mula sa pampang.

Dagdag pa ni PCol Villanueva, inilapit ng mga mangingisda ang insidente kay Barangay Chairperson Erwin Lobas na siyang nagbigay alam sa mga otoridad.

Pinuri naman ni PCol Villanueva ang agarang pagresponde ng mga kapulisan mula sa Regional Maritime Unit 2, Aparri Police Station, Regional Intelligence Division 2, Regional Intelligence Unit 2, 2nd Cagayan Provincial Mobile Force Company, Philippine Drug Enforcement Agency 2, Regional Drug Enforcement Unit 2, at 17th Infantry Division ng Philippine Army.

Samantala, tiniyak ni PCol Villanueva na patuloy na iimbestigahan ng hanay ang pinanggalingan ng nasabing ilegal na droga.

Pinasalamatan naman ng mga kapulisan ang pagbibigay impormasyon ng mga residente sa lugar. Hinikayat din nila ang mga ito na patuloy na makipagtulungan upang matigil na ang problema sa ilegal na droga sa lalawigan. *(Panulat ni Police Staff Sergeant Mary Joy Reyes)*

# Mahigit Php5.2M halaga ng marijuana sinira at sinunog sa Davao Del Sur

**Davao Del Sur - Tinatayang Php5.2 milyong halaga ng marijuana ang sinira at sinunog sa isinagawang "Oplan Hurot" ng mga operatiba ng PNP at AFP sa Sitio Latnabag, Sitio Lamlango at Sitio Lamtikon Brgy. Bolol Salo, Kiblawan, Davao Del Sur nitong Marso 17 hanggang 19, taong kasalukuyan.**

Kinilala ni PCol Guisseppe Geralde, Director ng Davao Del Sur Police Provincial Office ang suspek na si Lima Cansing.

Ayon kay PCol Geralde, ang nasabing operasyon ay nagresulta ng pagkakadiskubre ng tinatayang 26,350 piraso ng marijuana plant na nagkakahalaga ng Php5.2 milyon na kaagad nilang binunot at sinunog sa Brgy. Balasiao Davao Del Sur na sinaksihan ni Honorable Mayor Carl Jason Rama at Hon. Jessie Pandian, Punong Barangay.

Ayon pa kay PCol Geralde isinagawa ang operasyon ng pinagsanib na puwersa ng Davao Del Sur Police Provincial Office, Kiblawan Municipal Police Station, PNP Drug Enforcement Group 11 (PDEG), Provincial Drug Enforcement Unit at 39th Infantry Battalion (IB) Alpha Company ng Philippine Army (PA).

Dinala naman ang 11 piraso ng puno nito sa Davao Del Sur Provincial Forensic Unit upang isailalim sa pagsusuri.

Ang suspek ay kasalukuyang nasa kustodiya na ng Davao del Sur PPO para sampahan ng kaukulang kaso.

Ang matagumpay na operasyon na ito ng Police Regional Office 11 ay isa lamang sa walang tigil at mas pinaigting na kampanya ng Rehiyon Onse laban sa ilegal na droga. *(Panulat ni Patrolman Alfred Vergara)*

THE OFFICIAL NEWSLETTER OF THE PHILIPPINE NATIONAL POLICE

PULIS SERBIS BALITA

#PNPKAKAMPIMO

Volume VI No.12 * Marso 19 - 25, 2022 * Visit our Facebook Page: PULIS SERBIS BALITA Email Add: pnppublications@pcadg.gov.ph

# 1st Negros Occidental PMFC nakiisa sa paglunsad ng Medical Mission



**Calatrava, Negros Occidental - Nakiisa ang mga tauhan ng Police Community Affairs and Development Section ng 1st Negros Occidental Provincial Mobile Force Company sa isinagawang Medical Mission sa Barangay Hilub-ang, Calatrava, Negros Occidental nitong Marso 20, 2022.**

Katuwang ang Felix G Yusay Foundation Incorporated, sa pangunguna ni Ms Sharon T Jornadal, at ng iba't ibang stakeholders sa pagsasagawa sa naturang aktibidad.

Ang nasabing aktibidad ay naglalayong mahatiran ng tulong medikal ang mga residente ng naturang barangay na kung saan kabilang din sa Geographically Isolated and Disadvantaged Areas o GIDAS ng naturang bayan.

Nasa kabuuang 440 katao ang nakatanggap ng free relief goods, 250 naman ang nakatanggap ng free medical check-up at may kasamang gamot, 122 naman ang nahandugan ng free optical check-up at free eye glasses, 85 ang nabigyan ng free haircut, at 48 na mga bata naman ang nahandugan ng free circumcision.

Ang nasabing grupo ay namahagi rin ng 200 detergent soap, mga damit, 300 packs ng assorted fruits, 150 packs ng frozen products, at 122 na mga regalo para sa mga kababaihan na sinundan naman ng feeding program.

Samantala, nakaantabay naman ang mga tauhan ng Calatrava Municipal Police Station; 6 Special Action Battalion, 64th at 65th Philippine National Police Special Action Force; 605th Regional Mobile Force Battalion 6; 79 Battalion at ang 3rd Infantry Division, Philippine Army, upang siguraduhin ang kaligtasan ng lahat ng mga dumalo. *(Panulat ni Patrolman Kher D Bargamento)*



# 3rd Libreng Pabahay Project iginawad ng Cagayano Cops



**Tuguegarao City – Iginawad ng mga Cagayano Cops ang ikatatlong libreng pabahay project sa isang ginang sa Brgy. Annafunan East, Tuguegarao City, Cagayan nito lamang Lunes, ika-21 ng Marso 2022.**

Ayon kay Police Colonel Renell Sabaldica, Provincial Director ng Cagayan Police Provincial Office, ang napili nilang benepisyaryo para sa proyekto ay si Ginang Mary Rose T. Ejada na nakatira sa isang maliit at lumang barung-barong kasama ang kanyang pamilya, kanyang ina na isang paralisado, at ang kanyang kuya na 16 taon ng nakaratay sa kama dahil sa pagkakuryente.

Isinabay na din sa programa ang Project S.I.L.I.D na ginawa para sa anak ni Gng. Ejada kung saan pininturahan ang kuwarto ng paborito niyang kulay at mga Disney characters ng mga miyembro ng Kabataan Kontra Droga at Terorismo.

Bukod sa handog na bahay, nagbigay din ng unan, kutson, electric fan, double burner, bigas at grocery items.

Nakatanggap din ang limang anak ni Rose ng mga kagamitan para sa kanilang pag-aaral.

Nagpasalamat naman si PCol Sabaldica kay Mrs. Rosalie Eleazar, ang kabiyak ng dating Hepe ng Pambansang Pulisya, sa SM Foundation sa pangunguna ni Ginoong Ariel M Anog, mga kapulisan, at iba pang mga stakeholders na naging tulay upang maging posible ang pangarap na bahay ni Gng. Ejada at ng kanyang pamilya.

Samantala, tiniyak ni PCol Sabaldica na magpapatuloy ang programang ito ng kapulisan ng Cagayan upang mabigyan ang mga Cagayano na lubos na nangangailangan ng isang maayos at matibay na bubong na masisilungan. *(Panulat ni Police Staff Sergeant Mary Joy D Reyes)*

# Coastal Clean-up Drive isinagawa sa Misamis Oriental






**Laguindingan, Misamis Oriental – Nagsagawa ng "Coastal Clean-up Drive" ang kapulisan ng Aviation Security Unit 10 at Laguindingan Misamis Oriental Police Station sa baybayin ng Moog, Laguindingan, Misamis Oriental nitong umaga ng Martes, Marso 22, 2022.**

Idinaos ang aktibidad sa pangunguna ni Police Major Lister Ceriales, Chief of Police, Laguindingan Municipal Police Station.

Ang naturang aktibidad na ito ay naglalayong maprotektahan at mapangalagaan ang kapaligiran sa tulong ng mamamayan.

Kabilang sa nakiisa sa nasabing clean-up drive ay ang mga barangay council at workers ng Brgy. Moog, Laguindingan, Misamis Oriental.

Pinangako din ni Police Major Ceriales na dapat pangalagaan ang ating likas na yaman at bigyan ng nararapat na kalinga ang ating karagatan. Tayong lahat ay dapat tumigil na sa mga maling nakagawian at yakapin ang pagpapanatili ng malinis na karagatan. *(Panulat ni Police Staff Sergeant Grace Neville L Ortiz)*